# 1

*San Diego*

*Ika-4 ng Enero, madaling-araw*

"Sige pa," ungol ng babae. Nagtagis ang mga bagang ni Mike Keillor. Lalo niyang binilisan ang kilos. Umingit ang mumurahin at maruming kama na para bang magigiba iyon. Namumula ang mukha ng babae. Nag-uulap ang mga mata, nagtatagis ang mga ngipin habang umuuntog sa balakang nito ang balakang niya.

Lasing sila pareho nang pumasok sa apartment nito. Sinabi ng babae na gusto nito ng marahas na sex. Kaya heto siya ngayon, pigil ng malalaki niyang kamay ang pupulsuhan nito. Maigting itong kumilos sa ilalim niya at muling umungol na tila nasasaktan.

Nagulat si Mike, huminto at inangat ang mga kamay. Namumula at nagsisimula nang mamaga ang pupulsuhan ng babae. Naroon ang marka ng kanyang mga daliri.

Malalaki at malalakas ang kanyang mga kamay. Katulad ng sa kanyang ama. Mga kamay na kayang makapanakit, at sinaktan ng mga kamay na iyon ang babae.

Nahindik siya. Umalis siya sa ibabaw nito at patakbong naghanap ng banyo. Hinila niya ang pinto patungo sa closet, sa

isang maliit na kusina, hanggang sa makita niya ang pinto ng banyo. Inangat niya ang upuan at sumuka sa nanlilimahid na toilet.

Isinuka niya ang anim na baso ng whiskey at beer chasers, isang plato ng mamantikang fries, at ang katotohanang sinaktan niya ang babaeng katalik at nagustuhan iyon nito.

Hindi kailanman nananakit ng babae si Mike. Sapat na ang kaalamang nakasakit siya para manatili siya na nakadukwang sa maruming toilet, sumusuka habang ang isang kamay ay nakatukod sa maruming baldosa.

"Hoy!" Isang matalas na kuko ang dumuldol sa likod niya. "Tarantado ka! Binitin mo ako. Ano ba'ng problema mo?"

Wala siyang ideya. Nakatitig si Mike sa nanlilimahid na toilet na hindi man lang nalinisan nang ilang buwan.

Ano ang problema niya? Magandang tanong.

Ano ba ang ginagawa niya rito? Mas magandang tanong.

Hinubad niya ang condom at itinapon sa umaapaw na basurahan.

"Gago ka!" Hinampas siya ng babae sa likuran. "Tinatanong kita!"

Hinarap niya ito. Hindi niya matandaan ang pangalan nito. Baka hindi nito nasabi. O siguro hindi niya itinanong.

Hindi ito isang working girl. Hindi ito nanghingi ng pera. Ang gusto lang nito'y ang makipagtalik. At ang saktan niya.

Ngayon lang napuna ng binata, may mga pinong galos ang babae sa mukha, dalawang hiwa ng kutsilyo sa hubad na dibdib, luma at bagong bugbog. Mga dating senyales ng pananakit.

Payat ito at mukhang mahina. Sa tantiya niya ay mas mabigat siya rito nang mahigit na animnapung kilo. Pinili siya ng dalaga sa bar, isang matipunong lalaki, at ngayo'y ginagalit siya nito.

"Narinig mo ako? Hindi ka titigil hangga't hindi ko sinasabi. At sa ibang lugar ka sumuka, tarantado."

Nakatitig lang siya rito, pigil na masukang muli. Nakamasid din sa kanya ang babae, puno ng pag-asam ang mga mata. Hinamon siya nito at ininsulto ang kanyang pagkalalaki. Inaasahan nitong magwawala siya at sasaktan ito. Iyon ang gusto ng estranghera. At kung tama ang pagkakabasa ni Mike, sa ideya pa lamang na sasaktan niya ito ay mararating nito ang sukdulan.

Hindi siya makahinga. Kailangan niyang makaalis doon, kaagad.

Nakatayo ito sa bukana at nakaharang sa daraanan niya. Hinawakan niya ang babae sa balikat. Pakiramdam niya ay parang buto lang ng ibon ang buto nito na bahagyang natakpan ng balat. Ngunit sa halip na ibalya ito sa dingding, binuhat niya ang estranghera at marahang ibinaba sa gawing kanan para

makalabas na siya ng banyo, makapagbihis bago pa niya maisuka ang laman ng kanyang sikmura.

Nagsusuot siya ng pantalon nang itulak siya ng dalaga. “Hayop ka!” sigaw nito. “Saan ka pupunta, ha? Hindi ka aalis hangga’t hindi mo natatapos ang trabaho, wala kang kuwenta.”

Hinanap niya ang boots. Naririnig niya ang matinis na boses ng babae na parang galing iyon sa malayo, parang isang langaw na umuugong at humahampas sa pasamano ng bintana.

Nakita niya ang boots—ang isa’y nasa ilalim ng kama, ang kapares ay nakatagilid sa ilalim ng lumang silya. Natatandaan niyang basta na lang niya hinubad ang mga iyon. Nagmamadali siyang maghubad at maikama ang babae. Hindi dahil tinatalo siya ng pagnanasa, kundi dahil gusto niyang magsimula bago pa siya mawalan ng gana sa amoy at dumi na nakikita niya sa malamlam na liwanag.

Ngayong naisuka na ni Mike ang karamihan ng alcohol at bahagya nang nahimasmasan, natuklasan niyang tama lang na magmadali siya dahil sapat na ang nakita niya para mawalan siya ng gana.

Isa siyang dating Marine. At mananatili siyang isang Marine. Malinis at masinop ang mga kagaya niya. At ang bahay ay hitsurang pinamamahayan ng mga daga. Nagkalat ang damit kung saan lang. Ni hindi maayos ang kama, marumi at may mantsa ang sapin. Umaalingasaw sa amoy ng pawis, sex at

desperasyon at–Susko–ngayong nabigyan niya ng atensyon, may lugar sa mesa na may salamin at labaha at may puting pulbos na nagkalat.

Naloko na.

Isang adik. Nakipagtalik siya sa isang adik.

Tatlumpu't limang taong gulang na siya. Isa siyang magaling na sundalo. Isa siyang SWAT at siya ang pinakamagaling sa hukbo. At ngayon ay kasosyo siya sa isa sa pinakamaunlad na security companies sa bansa. Isa siya sa mabubuting lalaki. Kaya ano ang ginagawa niya doon kasama ng isang adik? Isang may sira rin sa pag-iisip. Ano ba ang nangyayari sa kanya?

Pinakinggan niya ang isinisigaw ng babae.

Isinuot ni Mike ang jacket. Kung mayroon sigurong nakakatawa sa sitwasyon, tatawa siya. Ang malaking problema niya sa buhay ay hindi kung paano pipilitin kundi kung paano pipigilin ang sarili.

Isang kanlungan para sa kanya ang sex, isang paraan para isara ang kanyang utak at damdamin. Parang sa pagtakbo lang, higit nga lang masarap. Nakakapawis at hindi ginagamitan ng utak na ehersisyo.

Itong muntik mangyari, hindi niya alam kung ano ito. Hindi ito sex. Hindi ito masaya. Isa itong sulyap sa madilim na bahagi ng kanyang pagkatao na lubha niyang ikinatakot.

Lalo pang lumakas ang sigaw ng babae nang matanto nitong aalis siya. Nakakabulahaw na ito. Baka may tumawag na ng pulis. At hindi ba magiging perpektong wakas iyon ng isang perpektong araw? Ang maaresto siya ng mga dati niyang kasama at madala sa presinto.

Alam ng mga kasama ni Mike sa law enforcement na hindi niya magagawang manakit ng babae. Karamihan sa mga ito ay kilala ang kompanya nila, ang RBK Security Inc., na lihim na tumutulong sa mga naabusong kababaihan para makatakas at magkaroon ng panibagong buhay sa ibang lugar. Iyon ang kanilang underground railroad.

Pero ang isang ito ay may mga senyales na ng matagalang pang-aabuso. Kapag sumigaw ito ng rape, makikita ang DNA niya sa katawan nito at mapipilitan ang mga dati niyang kasama na dalhin ang pangyayari sa headquarters at isangkot ang D.A. Kakailanganin nina Sam at Harry na piyansahan siya. Magkakaroon ng pagsisiyasat, maaaring isang paglilitis. Makakaladkad sa putikan ang pangalan ng RBK.

Isinara niya ang pinto at lumingon sa paligid. Kung masama ang hitsura ng apartment, lalo na ang pasilyo. Pundido ang ilang bumbilya at mapanghi ang buong lugar. Dumikit ang mga paa ni Mike sa maruming linoleum. Umaalingasaw ang buong lugar sa sakit, karahasan at desperasyon.

Nakatungo at pigil ang hiningang bumaba siya ng hagdan. May sumuka sa sahig sa ikalawang palapag. Hindi niya alam

kung saan siya higit na nalulungkot—sa lugar na iyon o sa katotohanang lasing na lasing siyang umakyat ng hagdan, kaya wala siyang napansing anuman.

Animo isang kalmadong kamay na humaplos sa kanya ang malinis at malamig na simoy ng hangin nang makalabas siya sa lansangan. Noon lang nakahinga si Mike habang sinisiyasat ang paligid.

Ang buong lansangan ay isang masamang balita. Sa iilang gumaganang poste ng ilaw, nakita niya ang mga abandonadong bahay, mga taong namamaluktot sa bangketa. May isang matandang nakaupo sa balkonahe at sumisinghot mula sa isang paper bag. May isang nakasuot ng basahan na umiihi sa pader.

Malamang lahat ng alkohol sa katawan niya ay dumadaloy na ngayon sa imburnal ng San Diego. Pero hindi pa rin makabubuting mahuli siya na DUI. Iiwan niya ang SUV kung saan ito nakaparada. May tracking system iyon kung sakali mang may magnakaw, at isa pa, malaki naman ang insurance niyon. Magpapahatid na lamang siya bukas kay Barney. Magsisinungaling siya tungkol sa isang stakeout. Hindi na iyon magtatanong dahil diyos ang tingin nito sa kanilang tatlo nina Sam at Harry.

Napangisi si Mike. Tumingala siya. Maaliwalas ang langit at may mangilan-ngilang bituin na sumisingit sa makapal na polusyon.

Ano nga ang ginagawa niya sa nakalulunos na lugar na ito,

kasama ang isang babaeng may sira sa utak? Marami na siyang nakatalik pero palagi na ay umiiwas siya sa mga baliw. Mga adik, mga may sabit, at mga baliw. Isang iron rule iyon na hindi pa natibag, hanggang ngayon.

Ano ba ang ginagawa niya? Alam niya kung ano ang ginagawa. Tumatakas siya kina Sam at Harry at sa pamilya ng mga ito. Iyon 'yon.

Magkasama sila mula pagkabata at nagkalapit nang higit pa sa magkakapatid. Lahat sila ay lumaki nang walang pamilya. Si Sam ay itinapon ng ina nito na parang isang basura pagkapanganak. Ang ina't nakababatang kapatid naman ni Harry ay pinatay ng durugistang boyfriend ng ina nito noong doce pa lang si Harry. At siya–Susko.

Hinimas niya ang dibdib. Bakit hanggang ngayon ay masakit pa rin? Dalawampu't limang taon na ang nakalipas mula nang mawala ang kanyang pamilya.

Sa bahay. Kailangan niyang makauwi ng bahay. Bakit nga ba siya narito at wala sa bahay?

Sa buong kapaskuhan, kumakain silang lahat kina Sam o kaya kina Harry. Sa iisang gusali lang sa Coronado Shores sila nakatira.

Malaki ang lugar nina Sam at Nicole. Magaling magluto ang mayordoma ng mga ito. At bilang anak ng isang ambassador, isang mahusay na hostess si Nicole.

Apat na palapag sa ibaba, medyo maliit ang lugar nina Harry at Ellen at walang tagapagluto ang mga ito. Gayunpaman, may mga tagahanga ang babae na mga restaurant chefs na malimit magpadala ng mga gourmet meals. Kahit anong oras, puwede silang kumain ng mga putaheng inihanda ng mga chefs sa pinakakilalang mga restaurants sa lugar.

May isa pang maganda kapag kina Harry sila kumakain. Isang sikat na mang-aawit ang asawa nito at kadalasan ay nasusundan ang hapunan ng isang biglaang konsyerto na makapagpapaluha sa sinumang mahilig sa musika. At ang mga bata.

Lalakad siyang nakapaa sa ibabaw ng nagbabagang uling para lang makipaglaro sa anak ni Sam na si Meredith. Nakakatuwa si Merry, matalino at maganda. Mahal nito si Tito Mike, at mahal niya ito. May isa pang batang babae na paparating at lahat sila'y naghihintay para makita ito. At ang anak ni Harry, si Grace – tatlong buwan pa lamang ito pero ngumingiti na sa tuwing naririnig ang boses niya.

Kaya naman madali lang na masanay kumain nang tatlo, apat—at ngayong naiisip niya—limang gabi sa loob ng isang linggo saan man kina Sam o Harry. At siyempre, ang mga weekends na magkakasama sila. Barbecue sa terasa o take-out pizzas at beer at ball games.

Ito ang pinakamasayang taon ni Mike mula nang patayin ang kanyang buong pamilya. Nabawasan nga siya ng timbang dahil kumakain na siya nang tama at regular. Totoong pagkain

at hindi bar food. Masaya siyang nabubuhay sa pamilya ng mga kapatid niya. Hanggang n'ung nakaraang gabi.

Nagpalipas siya ng bisperas ng Bagong Taon kina Sam kalaro si Merry. Magkakasama sila noong Bagong Taon kina Harry at sumunod na gabi kina Sam. Nang magtanong siya tungkol sa araw na iyon, nagkatinginan ang apat. Isang tingin na libong salita ang kahulugan.

Sino ang aampon sa problem child? Sa taong hindi magawang iayos ang mga kilos?

Pagod si Eve dahil sa taunang Christmas concert. Sa buong Christmas season ay nag-record ito ng CD na ilalabas sa March. Idagdag pang nag-iipin si Grace at nangingitim ang paligid ng mata ng mag-asawa dahil sa kakulangan ng tulog sa gabi. Si Nicole ay tatlong buwang buntis at dumaranas ng morning sickness. May malaki't importanteng translating job itong tinanggap para sa bakasyon at nagtatrabaho sa bahay.

Animo siya pinukpok sa ulo nang maunawaang gusto ng mga itong magpalipas ng oras nang sila-sila lang. Siya lang ang walang pamilyang mapupuntahan at inako na ng mga itong bigyan siya ng isang pansamantalang pamilya. Nag-init siya sa hiya nang matuklasang sinamantala niya ang kabutihan ng dalawang pamilya.

Kaya nagpasya siyang tigilan na ang pag-asa sa pamilya ng dalawang kaibigan at asikasuhin ang sarili. Simula nang araw

na iyon. Nang buksan niya ang fridge kinagabihan, dalawang six-pack ng Anchor Steam lang ang nakita niya. Nagtungo siya sa bayan. Naghanap ng makakain at ng makakatalik.

Naging maayos naman ang lahat, hindi ba?

Mahusay ang kanyang sense of direction. Nabuhay ang mapa sa utak niya, lumiko siya at naglakad.

Naging mabagal na pagtakbo ang paglalakad dahil gusto niyang takasan ang mga iniisip. Gusto niyang makatakas sa parteng iyon ng lugar. Patakbo niyang nilagpasan ang isang kinakalawang na dram. May nagsimula ng apoy sa loob, at may magagaspang na kamay na nagpapainit sa ibabaw. Pinukol ng liwanag ang nakakatakot, lukot at may pinsalang mga mukha. Mukha ng mga lalaking may nagnanaknak na mga ngipin at mga sugat na hindi nagamot. Ngumisi ang isa na animo hayop, ang nabubulok na mga ngipin ay animo mga tuod ng puno sa bibig.

Binilisan pa ni Mike ang takbo. Gusto na niyang makaalis palayo sa lugar, sa lahat ng naroon, sa dilim at sakit at pagdurusa. Marami na siyang ganoon sa buhay niya.

Bakit hindi siya makatakas?

Mahigit labinlimang milya ang layo niya sa Coronado Shores, hindi pa kabilang ang ferry, distansyang tinatakbo niya araw-araw sa boot camp habang may bitbit na gear na may bigat na beinte cinco kilo.

Tumakbo siya nang tumakbo nang tumakbo. Umangat ang ulo niya pagsapit sa dagat. Pumuno sa mga baga niya ang maalat-alat at malinis na simoy nito. Nailabas na niya ang masamang amoy ng silid ng babae pati na ang nakasusukang pagtatalik nila. Ang tanging naamoy na lang ni Mike ay ang sariling pawis at ang dagat. Medyo maliwanag na ang langit sa ibabaw ng siyudad. Natatanaw na niya ang linya kung saan nagtatagpo ang dagat at ang himpapawid.

Tumigil siya sa daungan ng ferry, nag-jog sa lugar kahit nang dumaong ang ferry at makasakay siya. Masyado pang maaga kaya iilan lang ang pumansin sa kanya. Nang makadaong sila, tumakbo na naman siya.

Pawisan siya nang marating ang bangketa patungo sa gusali, ang huling condo sa Coronado Shores. Kinapa niya ang susi sa bulsa. Nakita siya ni Ruiz, isa sa apat na panggabing guwardya ng gusali at binuksan ang malaking salaming pinto. Tumango lang ito nang magbagal siya at tumawid sa malawak na lobby.

Walang nagbago sa apartment na may pagmamadali niyang iniwan noong isang gabi. Malinis dahil may isang naglilinis minsan sa isang linggo at dahil isa siyang masinop na Marine. Wala siyang gaanong gamit. Isang kama, sofa, isang entertainment center at kusinang hindi naman niya ginagamit.

Malinis at hungkag.

Hinubad ni Mike ang pawisang damit, inilagay iyon sa

laundry basket at nagtungo sa shower. Tumayo siya sa ilalim ng dutsa, itinukod ang dalawang kamay sa dingding at hinayaang dumaloy ang umuusok na tubig sa kanyang likuran nang may kalahating oras.

Kulay abo na ang langit sa labas ng bintana nang lumabas siya. Lumakad siya sa mahabang palapag na nakatanaw sa Dagat Pasipiko at pinagmasdan ang tanawing gustung-gusto niya.

Ngunit nang umagang iyon, hindi siya nagawang pakalmahin ng asul na dagat at ng mga alon nito. Hinawakan ni Mike ang bakal na barandilya, nakatayo siya roon na tanging tuwalya lang ang nakatapi sa baywang at pinanood ang unti-unting pagliwanag ng kalangitan.

Hindi katulad ni Harry, hindi siya hirap matulog. Bago ito magpakasal, inaabot ito ng tatlo, minsa'y apat na araw na walang tulog, isang bagay na hindi niya naintindihan.

Ngayon lang niya naunawaan. Wala siyang maramdamang antok. Pakiramdam ng binata, hindi na siya makakatulog uli. Pinanood niya ang pagliwanag ng langit, ang paglawak ng dagat.

Pakiramdam ni Mike, katulad siya ng dagat, paulit-ulit ngunit hindi nagbabago. Nakita niya ang kanyang kinabukasan sa tubig.

Paulit-ulit.

Sinikap niyang huwag masyadong abalahin sina Nicole at

Ellen, ngunit madalas pa rin niyang dinadalaw ang dalawang pamangkin dahil mahal niya ang mga ito. Mukhang ang tanging aasahan na lamang niya ay ang makita ang paglaki ng mga paslit, manonood lang.

Sa wakas, nang sumibol ang araw at magliwanag ang buong kalangitan ay pumasok na siya para magbihis.